

TAGALOG

TALUMPATING BINIGKAS SA PAGTATALAGÁ NG LIBINGAN SA GETTYSBURG

May walumpu't pitó nang taóng itinatag ng mga ninunò natin sa lupaíng itó ang isáng bansang isinilang sa Kalayaán, at nakatalagá sa paniniwalang pantay-pantay ang lahat ng tao.

Ngayó'y nasa laot tayo ng isáng digmaang sibil, na isáng pagsubok kung ang bansang itó, o alinmang bansang isinilang at itinalagáng gayón, ay makatátagál. Natitipon tayo sa isang dakilang larangáng pinaglabanan ng digmaang iyán. Naparito tayo upang italagá ang isáng bahagi ng larangán bilang huling hantungan ng mga naghain ng buhay upang ang bansang yaón ay mabuhay. Tunay na wastó at marapat na itó'y gawin natin.

Ngunit, sa matayog na kahulugán, ang lupang itó ay hindi natin lúbusang maitátalagá—mapagbábanál—mapagpápalà. Ang mga matatapang, buháy pa man at patáy na, na nakipaglaban dito ay nagpabanál na nang higít na dakilà kaysa munting kaya nating makapagdagdag o makapagpahamak. Di sukat mápapansin ng daigdig o mágugunitá ang sinabi natin dito, ngunit hindi malilimutan ang dito'y naganáp. Tayong mga buháy pa ang dapat mapatalagá sa gáwaing di pa tapós, na buóng dangál na sinimulán ng mga nakilaban—tayo ang dapat mapatalagá sa dakilang tungkuling nálalabi—mulá sa dinádangál na nangabulid kumuha tayo ng higít na sigasig sa kilusang pinag-ukulan nilá ng láhatang malasakit—pagpasiyahán natin nang buóng tibay na ang mga nabulid ay di nangamatáy nang waláng kabuluhán—na ang bansang itó, sa palà ng Diyós, ay magkákaroón ng Kalayaáng bagong silang—at ang pámahalaán ng bayang itinatag ng bayan para sa bayan ay di mapáparam kailanman sa daigdig.

ABRAHAM LINCOLN.

19 Nobyembre 1863.

Salin ni Jose Villa Panganiban